

Mga Katohohan Tungkol sa Flu ng Baboy

Ano ang Flu ng Baboy?

Ang birus ng flu ng baboy (H1N1) ay karaniwang matatagpuan lamang sa mga baboy. Maraming mga ganitong uri ng birus at bihirang nakakahawa sa mga tao. Ang birus na kasalukuyang nakakapagdulot ng sakit ng tao ay isang bagong uri ng flu ng baboy na nakapagbigay ng kakayahang makahawa sa mga tao at naililipat mula sa iba't ibang tao.

Kahit na ang bagong birus na ito ay tinatawag na “flu ng baboy,” hindi ito nakukuha mula sa pagkain ng mga produkto ng baboy. Katulad ng ibang mga sakit ng paghinga, ito ay naikakalat mula sa iba't ibang tao sa pamamagitan ng mga pag-ubo at mga pagbahing. Kapag ang mga tao ay umubo o bumahing, naikakalat nila ang mga mikrobyo sa pamamagitan ng hangin o sa mga lapag na maaring mahipo ng mga tao.

Mga Pag-iingat at mga Sintoma

Nangyayari ang pagkahawa kapag ang birus ay pumapasok sa daanan ng paghinga ng tao at mga baga. Subalit, hindi pa nalalaman kung gaano kadali kumakalat ang birus. Tulad ng ibang sakit na nakakahawa na naikakalat sa pamamagitan ng sistema ng paghinga ng tao, ang mga nanunungkulan sa kalusugan ay nagrerekomenda sa sumusunod na mga pag-iingat:

- Takpan ang iyong ilong at bunganga ng panyong papel kapag ikaw ay umubo o bumahing. Itapon ang panyong papel sa basura pagkatapos mong gamitin ito;
- Hugasan ng madalas ang iyong mga kamay ng sabon at tubig ng may kadalasan, lalo na pagkatapos mong umubo o bumahing. Ang mga panlinis ng kamay na may alkohol ay mabisa rin;
- Piliting iwasan ang malapit na pakikipag-ugnayan sa mga taong maysakit;
- Kung magkasakit ka, manatili sa bahay at bawasan ang pakikipag-ugnayan sa iba upang iwasang mahawa sila;
- Iwasang hipuin ang iyong mga mata, ilong o bunganga.

Ang mga ito ay parehong mga pag-iingat na dapat gawin upang mapahinto ang pagkahawa sa lahat ng mga flu ng birus at iba pang mga uri ng birus na nakakahawa na mula sa daanan ng hininga.

Ang mga sintoma ng tao para sa bagong uring ito ng flu ng baboy ay halos katulad ng mga sintoma ng karaniwang “napapanahong” flu na nangyayari bawat taon. Ang mga sintomas ay nagbibilang sa lagnat, ubo at pagkamalat ng lalamunan. Kabilang dito, ang pagkapata, kawalang ganang kumain, sipon, pagkaduwal, pagsusuka at pagtatae ay naiulat din.

Paggagamot

Walang kasalukuyang bakuna para maiwasan ang flu ng baboy, ngunit mayroong mga gamot upang tumulong na gamutin ito. Ang mga gamot na ito ay ginagamit upang mapigilan ang malubhang mga komplikasyon ng flu tulad ng pulmonya at ang mga ito ay gumagana ng husto kung kaagad iniinom pagkaumpisa ng sakit (sa loob ng 2 mga araw ng sintomas). Ang pag-inom man o hindi sa mga gamot na ito ay desisyon ng isang taong may flu na kailangang gawin ng pasyente at ng kanilang manggagamot pangkalusugan.

Higit pang Impormasyon

- Washington state Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington) www.doh.wa.gov
- Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit at Pagpigil) walang bayad na numero ng telepono sa **1-800-CDC-INFO (232-4636)**